# Madalas na Katanungan: Hawai‘i Our Care, Our Choice Act( Pangangalaga, Ating Pagpili na Batas ng Hawai‘i)

compassion & choices
Care and Choice at the End of Life

## Ano ang Our Care, Our Choice Act (Ating Pangangalaga, Ating Pagpili na Batas)?

Pinirmahan ni Gobernador David Ige ang Our Care, Our Choice Act (Ating Pangangalaga, Ating Pagpili na Batas) noong Abril 5, 2018, na nagpapahintulot ng medikal na tulong sa pagkamatay, isang ligtas at pinagkakatiwalaang pagsasanay kung saan ang isang may terminal na sakit, may kakayahan sa pag-iisip na may sapat na gulang na may taning na mabuhay ng anim na buwan o mas kaunti ay maaaring humiling mula sa kanilang manggagamot ng reseta para sa gamot na maaari nilang piliin na sariling pangasiwaan upang magdulot ng isang mapayapang kamatayan. Ang batas ay magiging epektibo sa Enero 1, 2019.

## Sino ang Karapat-dapat para sa Medikal na Tulong sa Pagkamatay?

Upang maging epektibo para sa medikal na tulong sa pagkamatay sa ilalim ng Our Care, Our Choice Act (Ating Pangangalaga, Ating Pagpili na Batas), ang isang tao ay kailangan na maging:

- Isang may sapat na gulang
- May terminal na sakit
- Nabigyan ng taning na anim na buwan o mas maikli para mabuhay
- May kakayahan sa pag-iisip na gumawa ng kanilang mga desisyon sa pangangalagang pangkalusugan.

Bilang karagdagan, kailangang matugunan ng isang tao ang mga sumusunod na kinakailangan:

- Isang residente ng Hawai‘i
- Kumikilos ng kusang loob
- May kakayahan na sariling pangasiwaan ang medikal na tulong-sa-pagkamatay na gamot.

Kailangan ang dalawang manggagamot ng Hawai‘i na kumpirmahin na karapat-dapat na gamitin ang The Our Care, Our Choice Act, pati na rin kumpirmahin na ikaw ay gumagawa ng isang desisyon na may kaalaman at kusang loob na humihiling ng medikal na tulong-sa-pagkamatay na gamot. Ang dumadalong manggagamot ay nagrereseta ng gamot, at ang kinokonsultahang manggagamot ay nagbibigay ng ikalawang opinyon. Ang pangkaisipang kakayahan ng pasyente ay dapat ding kumpirmahin ng isang saykayatriko, sikologo o lisensiyadong manggagawang panlipunan. Ang pagsusuri ay maaaring ibigay sa pamamagitan ng telehealth (sa pamamagitan ng telepono o video).

Bukod pa sa mga nakalistang hinihingi sa itaas, may mga hakbang na dapat sundin para maging kuwalipikado ang isang tao para sa reseta para sa tulong-sa-pagkamatay na gamot. Mangyaring pakitingnan ang Compassion & Choices’ Hawai‘i

Our Care, Our Choice Act — Impormasyon para sa mga Residente ng Estado.

## Pinagkakatiwalaan ba ang Pagsasanay ng Medikal na Tulong sa Pagkamatay?

Oo, dahil tiniyak na ang mga kinakailangan upang maging kuwalipikado na may kakayahan sa pag-iisip, may terminal na sakit na mga may sapat na gulang na may taning na anim na buwan o mas kaunti na nagnanais na pumili ng isang mapayapang kamatayan lamang ang maaaring humiling at makakuha ng tulong-sa-pagkamatay na gamot. Sa Hawai'i, ang batas ay tiyak na nagsasaad na walang taong maaaring maging kuwalipikado para sa tulong-sa-pagkamatay na gamot batay sa kanilang kapansanan o edad.

Sa mahigit sa 30 pinagsamang taon ng medikal na tulong sa pagkamatay sa mga awtorisadong estado, ni minsan na nagkaroon ng pangyayari ng dokumentadong pang-aabuso. Sa Oregon, ang pagtatapos-ng-buhay ay bumuti sa pangkalahatan simula nang isagawa ang batas, sa malaking bahagi dahil sa dyalogo na hinihimok ng Oregon Death With Dignity Act sa pagitan ng mga tao at ng kanilang mga manggagamot. Ang mga pagsasangguni sa hospisyo ay tumaas, pati na rin ang paggamit ng pampaginhawang pangangalaga (palliative care). Ang Oregon ngayon ay isa sa may pinakamababang antas ng mga kamatayan sa loob-ng-ospital at may pinakamataas na antas ng kamatayan-sa-bahay sa bansa, at ang marahas na pagpapatiwakal ng mga pasyente sa hospisyo ay halos nawala. Ang dalawang dekada ng mahigpit na sinusunod at dokumentado na karanasan sa Oregon ay nagpapakita na ang batas ay gumana gaya ng nilayon, na wala ang mga problemang hinulaan ng mga kalaban.

## Ano ang Pakiramdam ng Publiko Tungkol sa Medikal na Tulong sa Pagkamatay?

Ang pampublikong Amerikano ay patuloy na sumusuporta sa medikal na tulong sa pagkamatay ng malaking mayoridad sa mga independienteng pambansa at estadong pagsisiyasat. Ang mga outlet ng pagbobotohan gaya ng Gallup (73% na suporta noong Hunyo 2017)[1] at Harris (74% na suporta noong Nobyembre 2014)[2] ay parehong nag-uulat ng malakas na suporta para sa medikal na tulong sa mamamatay.

Ayon sa Anthology Marketing Group Survey, walo sa 10 mga botante ng Hawai'i (80%) ang sumang-ayon na "ang may kakayahan sa pag-iisip na may sapat na gulang [na] mamamatay sa isang terminal na sakit na hindi mapapagaling…sigurado (55%) o malamang na (25%) ay dapat na magkaroon ng legal na

---

[1] Ang Karamihan ng mga Amerikano ay Nanatiling Sumusuporta sa Euthanasia, Gallup Poll, Hunyo 2017, Magagamit mula sa: http://news.gallup.com/poll/211928/majority-americans-remain-supportive-euthanasia.aspx

[2] Thompson, D. Karamihansa mga Amerikano ay sumasang-ayong sa Right-to-Die Movement. The Harris Poll. December 2014. Magagamit mula sa: http://www.theharrispoll.com/health-and-life/Most_Americans_Agree_With_Right-to-Die_Movement.html.

pagpilian na humiling ng resetang gamot mula sa kanilang doktor, at gamitin ang gamot na iyon upang wakasan ang kanilang paghihirap sa huling yugto ng pagkamatay."[3]

## Ano ang Pakiramdam ng Medikal na Propesyon Tungkol sa Medikal na Tulong sa Pagkamatay?

Ang 2016 Medscape survey ng 7,500 na mga manggagamot na kumakatawan sa 25 medikal na kadalubhasaan ay nagpakita ng mahalagang pagtaas sa suporta para sa medikal na tulong sa pagkamatay mula 2010. Ngayon mahigit sa kalahati (57%) ng mga manggagamot na siniyasat ay nag-eendorso ng ideya ng medikal na tulong sa pagkamatay, na sumasang-ayon na ang "Kamatayan na tinulungan ng manggagamot ay dapat na pahintulutan para sa mga pasyente na may terminal na sakit."[4]

[3] Pag-aaral ng Pag-uugnayan ng Mahabagin at Pagpipili Anthology Marketing Group Survey. December 2016. Magagamit mula sa: https://www.compassionandchoices.org/wp-content/uploads/2016/02/Compassion-and-Choices-HI-Press-Conference3-1.pptx

[4] Ulat ng Medscape Etika 2016: Buhay, Kamatayan, at Pananakit, December 23, 2016. Magagamit mula sa: http://www.medscape.com/features/slideshow/ethics2016-part2#page=2

## Ano ang Maaari Kong Gawin upang Makatiyak na Susuportahan Ako ng Aking Manggagamot Kung Sakaling Nais Kong Gamitin ang Medikal na Tulong sa Pagkamatay?

Tanungin ang iyong manggagamot at mga medikal na tagapagbigay ngayon kung susuportahan ka nila sa iyong mga pagpipilian sa pagtatapos-ng-buhay, pati na ang medikal na tulong sa pagkamatay. Hihimukin nito ang iyong mga medikal na tagapagbigay na makinig sa iyong mga prayoridad at maging handa sa panggagamot na maaaring naisin mo sa hinaharap. Kung ang iyong mga medikal na tagapagbigay ay hindi kaya o hindi handang suportahan ang iyong mga pinili na pagtatapos ng buhay, mayroon kang pagpipilian na palitan ang iyong pangangalaga sa isang pangkat ng pangangalagang pangkalusugan na uunahin ang iyong mga kagustuhan.

## Nais ng Aking mga Manggagamot na Mas Mabuting Maintindihan ang Medikal na Tulong sa Pagkamatay; Saan Sila Maaaring Mas Higit na Matuto?

Ang mga doktor ay maaaring tumawag sa Compassion & Choices' **Doc2Doc consultation line sa 800.247.7421** para sa isang libre, kumpidensiyal na konsultasyon at impormasyon tungkol sa pagtatapos-ng-buhay sa aming mga medikal na direktor na may malawak na karanasan sa medikal na tulong-sa-pagkamatay.

## Gaano Katagal Inaabot ang Proseso Para Humiling at Makakuha ng Tulong-sa Pagkamatay na Gamot?

Ang proseso upang humiling at kumuha ng tulong-sa-pagkamatay na gamot ay maaaring maging matagal (at maaaring maging hindi matagumpay) kung ikaw ay walang mapagsuportang pangkat ng pangangalagang pangkalusugan. Ang karaniwang tagal ng panahon ay nasa pagitan ng 20 araw hanggang tatlong buwan at nangangailangan ng hindi bababa sa dalawang pagbisita ng manggagamot. Kaya, mahalaga para sa mga indibidwal na nais na gamitin ang batas na makipag-usap nang maaga sa kanilang mga manggagamot.

## Saan Ako Makakakuha ng mga Kinakailangang Pormularyo?

Makakahanap ka ng mga pormularyo sa website ng Hawai'i State Department of Health (Departamento ng Kalusugan ng Estado ng Hawai'i) at makukuha mo rin ang pormularyo ng kahilingan ng pasyente sa CompassionAndChoices.org/Hawaii.

## Mayroon Bang Iba Pang mga Mapagkukunan upang Higit na Malaman ang Tungkol sa Medikal na Tulong sa Pagkamatay?

Maaari mong bisitahin ang CompassionAndChoices.org/Hawaii Para sa higit na impormasyon, pati na ang mga video, mga pormularyo at iba pang mga mapagkukunan.

## Paano ako Makikipag-usap sa Aking Manggagamot o sa Hospisyo Tungkol sa Medikal na Tulong sa Pagkamatay?

Ang Compassion & Choices ay may mga handout sa website nito (CompassionAndChoices.org/Hawaii) na may mga tip tungkol sa kung paano makikipag-usap sa iyong doktor tungkol sa medikal na tulong sa pagkamatay, at kung paano makikipanayam sa hospisyo upang makasiguro na ang iyong medikal na pangkat ay susuporta sa iyo sa iyong mga pagpipilian.

## Kailangan bang Makilahok ang Lahat ng mga Manggagamot sa Medikal na Tulong sa Pagkamatay?

Hindi. Ang mga manggagamot at medikal na tagapagbigay ay maaaring pumili kung makikilahok, kaya mahalagang magtanong sa iyong pangkat ng pangangalagang pangkalusugan kung sila ay susuporta sa iyong mga pamimili sa pagtatapos-ng-buhay. Ang ilang mga sistema ng pangangalagang pangkalusugan ay maaaring talagang magbawal sa kanilang mga empleyado na makilahok sa medikal na tulong sa pagkamatay — gayunpaman, walang sistema ng pangangalagang pangkalusugan ang maaaring magbawal sa kanilang mga empleyado na magbigay ng impormasyon tungkol sa medikal na tulong sa pagkamatay sa mga pasyente o

magsangguni sa mga pasyente sa suportadong mga  sistema ng pangangalagang pangkalusugan.

## Anong Sanhi ng Kamatayan ang Nakalista sa Sertipiko ng Kamatayan ng mga Indibidwal na Gumamit ng Medikal na Tulong ng Pagkamatay?

Ang pinagbabatayang sakit ay dapat na ilista bilang sanhi ng kamatayan. Tinutukoy ng batas na ang kamatayan na nagresulta mula sa sariling pangangasiwa ng medikal na tulong-sa-pagkamatay na gamot ay isang hindi pagpapatiwakal.

## Makakaapekto ba sa Testamento o Seguro ng Isang Tao ang Paggamit ng Medikal na Tulong sa Pagkamatay?

Ang paggamit ng medikal na tulong sa pagkamatay ay hindi nakakaapekto sa testamento o seguro ng isang tao. Ang batas ay partikular na nag-uutos na ang mga testamento, seguro, mga kontrata at mga annuity ay hindi apektado kung paikliin ng isang kuwalipikadong indibidwal  ang kanilang proseso ng pagkamatay sa pamamagitan ng paglunok ng medikal na tulong sa pagkamatay na gamot.